16185

487

DEPT. OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JUN 21 2021
TIME: SIG:

# Office of the President
# PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER
## Malacañang, Manila

01 June 2021

**Secretary ROY A. CIMATU**
Department of Environment and Natural Resources
DENR Bldg., Visayas Avenue
Diliman, Quezon City

**ATTN: HEA MARIO F. CHAN**

**S i r :**

Respectfully forwarding the attached letter dated 03 May 2021, with enclosures, for appropriate action, consistent with existing laws, rules and regulations from **Ms. INDAYLYN F. SENORIN** of Brgy. Banilad, Pinamalayan, Oriental Mindoro, seeking intercession relative to issues and concerns which, as stated therein, may be best addressed by that Department.

A reply direct to the party/ies concerned copy furnished the Center, citing **PCC Code No. GL-CYR-05-31-2021-043** will be highly appreciated. Expeditious action is requested in accordance with the provisions of Republic Act No. 11032, otherwise known as the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 as implemented and enforced by the **Anti-Red Tape Authority**. Please be reminded that failure to timely respond to the public's concern shall be a ground for administrative sanctions under existing laws and regulations.

Our cordial regards.

Very truly yours,

for
**JAIME LLAGUNO MABILIN**
Director IV

Encl.: a/s
ALL ENCLOSURES FORWARDED TO AGENCY
CC: REQUESTING PARTY/IES
/cyr


**IMPORTANT**

Information contained in this communication is privileged, confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the Presidential Complaint Center immediately and dispose this communication in accordance with the provisions of Republic Act No. 10173, otherwise known as the Data Privacy Act of 2012.



BAHAY UGNAYAN, JOSE P. LAUREL STREET, MALACAÑANG, MANILA
Telephone Numbers: 736-8645 (Governance and Local Affairs Division);
736-8603 (Social Services Division); Fax Number: 736-8621
Email Address: pcc@malacanang.gov.ph

Ika – 3 ng Mayo 2021

OFFICE OF THE SECRETARY
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND
NATURAL RESOURCES (DENR)
Visayas Avenue, Diliman
Quezon City 1100
Philippines

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
MAY 28 2021
BY: Presidential Complaint Center

## REKLAMO UPANG MAIMBISTIGAHAN ANG ILEGAL QUARRY SA BARANGAY BANILAD PINAMALAYAN ORIENTAL MINDORO

Mahal na kalihim,

Makakalikasang araw po sa inyong tanggapan at sa butihing kalihim. Sumulat po ako upang isumbong ang nangyayaring Ilegal na pagkuha ng buhangin, bato at pebbles sa dalampasigan ng Barangay Banilad Pinamalayan Oriental Mindoro.

Ang paghahakot ng mga BATO ay nangyari po noong 2015, isang dating kagawad ng ibang barangay na si LALAINE DINO, ay nagtungo sa aming Barangay at nagpahakot ng mga bato.

Sumunod na pangyayari ay noong nakaraan taon (2020), nakita ng aking kapatid na may grupo ng mga kalalakihan na naghahakot ng buhangin sa dalampasigan, ito ay kanilang isinasako at isinasakay sa Bangka. Sinabihan ko ang aking kapatid na kung sakali ay may sumunod pang gumawa ng illegal na pag-quarry, kung maaari ay makunan nya na ng picture o video na maaring magpatotoo.

Kaya naman ng makita ng aking Bayaw na meron muling grupo ng kalalakihan na nagsasalandra ng buhangin at isinasako ang mga pebbles na

Jfl.
Feb. 28 2021

nasalandra, sinabi niya ito sa kanyang asawa na akin kapatid na si Leomy Ferriol Bonifacio.

Nagtungo sa dalampasigan ang aking kapatid at nakita nga niya ang mga tao na kasama ang dating kagawad na si JOSEPH DELOS SANTOS. Inutusan ng aking kapatid ang kanyang anak na pumunta ng Barangay at ireport ito sa Kapitan.

Nakunan ito ng video at nasabi ng isang Bantay Dagat na ito ay alam ng Kapitan, lumapit ang aking kapatid sa mga tao upang ipatigil ang sinasabing illegal na Gawain subalit sinabi ng dating kagawad na ito ay hindi nila gagawin kung walang Pahintulot ng kapitan ng Barangay Banilad na si Kap. Joselito Jasa Perlas at nagpatuloy sila sa kanilang ginagawa.

Dahil ditto, ipinaalam ito sa akin ng aking kapatid. Naiintindihan ko na mali at bawal ang kanilang ginagawa, dahil ang ating Pangulo ay nag-utos na isaayos at pagandahin ang Boracay, kaya dapat proteksyunan at ingatan ang dalampasigan. Ang aming lugar ay isang white beach kung saan may dating malawak na baybayin subalit lumiliit ito dahil sa ganitong mga illegal na gawain.

Ang Mayor ng Maynila ay gumawa ng paraan ang kanilang dalampasigan na magkaroon ng white sand, isinasaayos nila upang mapaganda ang tanawin, kaya kami ay bless na magkaroon ng ganitong likas na ganda ng tanawin, hindi ba dapat naming itong ingatan at pangalagaan. Lubos ang aming pagmamalasakit.

Jfl. Subalit sa aming lugar hinahayaan ang ganitong pagsira , paghakot ng mga BUHANGIN na protekson ng baybaying dagat.

Nang ma-ipost ko ang nasabing video nagsimula na ang HARASSMENT sa aming pamilya at puro pananakot at nagsabi pa sa aming buong pamilya si kapitan Joselito Perlas na puti na ang buhok sa bilangguan ay hindi pa rin kami makakalaya at magbabayad kami ng milyon.

Kaya naman po sumulat na po  ako sa inyong tanggapan upang maimbestigahan ang mga pangyayari, at humihiling po kaming tulungan na matigil ang harassment sa amin habang umuusad ang imbestigasyon.

Hinihiling po naming sa inyong tanggapan na huwag sanang magagamit ng Punong Barangay ang kanyang kapangyarihan takutin na huwag magsalita ang mga tao upang lumabas ang katotohanan. Pananakot at tapang po ang ginagamit ng Punong Barangay dahil isa siyang retiradong sundalo at lagi kaming dinadaan sa harassment at sinasabing ikakaso at pagbabayarin kami ng milyon dahil sa nasabing pag-post ng video. Na nakasira sa kanila. Mali po bang malaman, magmalasakit at manawagan ng tulong at gamitin ang sarili kong account sa FB upang iparating ito sa kinauukulan.

Nalaman ko mula sa asawa ni JOSEPH DELOS SANTOS , na si LORILYN DELOS SANTOS na aking nakausap noong meeting naming sa SAMAHAN NG KABABAIHAN. Nabanggit niya po sa akin at aking narinig ng malinaw na ang sabi niya po ay trabaho lamang ang ginawa ng kanyang asawa at ng mga kasamahan. Sabi niya ay hindi sila maghahakot kung hindi nagpaalam ang bosing nila na si RONNIE PEREZ, na may-ari ng BEACH RESORT sa may REKUDO PINAMALAYAN ORIENTAL MINDORO kay Kapitan ng Banilad na si Joselito Jasa Perlas.

Kung walang kinalaman ang Punong Barangay dito bakit niya tinolerate ang maling Gawain, Sana maimbestigahan ang illegal na Gawain ito sa aming Barangay pati ang mga taong gumawa at sangkot dito.

Kalakip nito ang mga larawan na kaugnay sa mga pangyayari. Umaasa po ako kasama ng aking pamilya sa inyong tulong at proteksyon.

MARAMING SALAMAT PO.






**Indaylyn Ferriol Señorin** is requesting help in **Community Help**.

5d •

AKO PO UNG NAG POST SA SOCIAL MEDIA , NG ELEGAI. QUARRY , AKO PO AY HUMIHINGI NG TULONG SA ATING MAHAL NA PANGULO ,, NA KUNG MAAARI HINDI LANG , DENR OR MINDORO , ANG MAG IMBISTIGA SA AMIN , KUNDI ANG MEDIA ,,, MARAMING SALAMAT PO .....





**Indaylyn Ferriol Señorin**

4d ·

Nakakalungkot na Lugar ng Brgy Banilad, bago mag sapit 2025 ubos na buhangin dto sa Lugar namin araw at Gabi inahakot ng mga illegal quarry kasabwat mga official ng Brgy.




236

246 Comments • 723 Shares

Like Comment Share

5:53


Search



**Indaylyn Ferriol Señorin**

4d •

HINDI MABABALIKTAD NG KASINUNGALINGAN ANG KATUTUHANAN. NAG UPLOAD AT NAG VEDEO KINASUHAN NG KAPITAN. AYON SA TRABAHADOR HINDI SILA KUKUHA NG BUHANGIN KUNG HINDI NAGPAALAM ANG BOSSING NILA KAY KAPITAN.



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF JUSTICE
NATIONAL PROSECUTION SERVICE
OFFICE OF THE PROVINCIAL PROSECUTOR OF ORIENTAL MINDORO

| | |
|---|---|
| JOELITO JASA PERLAS<br>Complainant, | NPS-IV-07-INV-21E-00096 |
| -versus- | - for - |
| INDAYLYN FERRIOL SEÑORIN and<br>LEOMY FERRIOL BONIFACIO<br>Respondents, | VIOLATION OF ARTICLE 353 OF RPC (LIBEL) IN RELATION TO SECTION 6 OF R.A. 10175 |

x-----------------------------------------------------------------------------------x

**SUBPOENA**
(Under Sec. 3(b) of Rule 112 of the Revised Rules of Criminal Procedure)

**INDAYLYN FERRIOL SEÑORIN**
Barangay Wawa, Pinamalayan, Oriental Mindoro

Please find enclosed herewith, the sworn statement of the complainant and witnesses as well as other supporting documents against you. Other evidence on file at the Office of the Provincial Prosecutor is available for examination, copying or photographing during office hours.

NOW THEREFORE, pursuant to Sec. 3(b), Rule 112 of the Revised Rules of Criminal Procedure, you are hereby required to submit within ten (10) days from receipt of this subpoena and its attachments, your counter-affidavit and the sworn statements of your witnesses together with other supporting documents for your defense, copy furnished the complainant/s. Be it known that you are not allowed to file a motion to dismiss in lieu of a counter-affidavit.

WITNESS MY HAND this **May 18, 2021**.

**HUMILITO A. DOLOR**
Provincial Prosecutor

**JENNIFER M. MARASIGAN-UY**
*Investigating Prosecutor*

Return to: OFFICE OF THE PROVINCIAL PROSECUTOR, Calapan City

Sir/Madam:
Subpoena and enclosed affidavits and annexes were duly served to Mr./Mrs/Miss Indaylyn F. Señorin on this May 31, 2021 2021.

**CHIEF OF POLICE PINAMALAYAN MPS**

INDAYLYN F. SEÑORIN
Signature over printed name of Receiver

**BY:** ______________________________
(Signature over printed name of Serving Office)

OPPO F11
2021/05/27 05:55

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Pinamalayan
BARANGAY WAWA
Office of the Punong Barangay

KATITIKAN NG ISINAGAWANG PAGPUPULONG NG SANGGGUNIANG BARANGAY NG WAWA, PINAMALAYAN, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-26 NG ABRIL, 2021 SA BULAWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY GANAP NA IKA 10:00 NG UMAGA KASAMA ANG SANGGUNIANG BARANGAY NG BANILAD.

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| BENIGNO M. LAMBOLOTO | ________ | PUNONG BARANGAY (WAWA) |
| JOSELITO PERLAS | ________ | PUNONG BARANGAY (BANILAD) |
| FERLANO FEGALAN | ________ | KAGAWAD (BANILAD) |
| EDMON MAHAGUAY | ________ | KAGAWAD (BANILAD) |
| ROMUALDO DELA TORRE | ________ | KAGAWAD (BANILAD) |
| RANDY RAMILO | ________ | KAGAWAD (BANILAD) |
| JOSEPH DELOS SANTOS | ________ | TESTIGO |
| MARVI DELOS SANTOS | ________ | TESTIGO |

Nagharap ang magkabilang panig sa Bahay Pulungan ng Barangay Wawa at ayon kay Punong Barangay Jose Perlas ay masama ang dating o kakaiba ang ipinost ni Indaylyn Señorin sa Social Media na ikinasama ng loob ng lahat ng Barangay Official ng Barangay Banilad patungkol sa illegal quarrying na nangyari sa kanilang lugar, ngunit ayon naman akay Gng. Indaylyn Señorin ay ang kanyang kapatid ang kumuha ng video ng pagkuha ng buhangin at ayon pa rin sa kanya, dati daw ay napakalapad pa ng buhangin sa kanilang lugar ngunit sa ngayon ay hindi na at mayroon daw siyang ebidensya. Nagsalita naman ang Punong Barangay ng Wawa na si Kgg. Benigno M. Lamboloto na sa kanyang palagay ay hindi magkakasundo ang magkabilang panig kung kaya't ibinibigay na sa magkabilang panig ang pagpapasya kung ano ang kanilang dapat na gawin sa dahilang magkasalungat din ang kanilang paniniwala. Sinabi pa rin ni Punong Barangay Joselito Perlas na korte na ang magpapasya kung sino ang tama at mali at dapat ay may sapat na ebidensya tungkoll sa nasabing alegasyon kasama ang nasabi ng kapatid tungkol sa iligal na pagmimina. Ayon pa rin sa Punong Barangay ng Barangay Banilad ay sasampahan nila ng kaso na Cyber Bullying si Gng. Indaylyn Señorin dahilan sa pagpost nito sa Social Media na ikinasama ng loob ng lahat ng opisyales ng Barangay.

Ngabigay din ng pahayag si G. Joseph delos Santos na nagsadya sa Barangay Banilad upang kumuha ng buhangin ngunit nalaman ng Punong Barangay at inutusan ang isang Kagawad upang ito ay sitahin at agad na tumalima ang Kagawad at ipinatawag sa Barangay Hall at sinabi ng Ginoo na humuhingi silla ng paumanhin sa dahilang ang akala nila ay katulad pa rin ng dati na puwede pang kumuha at sinabi ng Punong Barangay na matagal nang hindi puwede kung kaya't ibinalik at itinaktak nila ang kanilang nakuhang buhangin na ayon sa kanila ay may video pa ito.

OPPO F11
2021/05/27 06:06

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Pinamalayan
BARANGAY WAWA
Office of the Punong Barangay

Nagsalita din si Marvi delos Santos, kasama ni Joseph delos Santos sa paghahakot ng buhangin na nagbigay din ng salaysay na ibinalik nila at itinaktak muli ang mga nakuha nilang buhangin.

Nagpahayag din si Kagawad Feidalan ng kanyang kalooban na sa bakit ganun ang sinabi sa social media na pagsapit ng 2025 ay kawawa ang Barangay Banilad sa dahilang baka daw 20% na lang ang natitirang buhangin ng kanilang Barangay. Dapat daw ay kung may reklamo ay nagtungo ng Barangay at magreport para sa legalidad ng proseso. At nagtanong ng ano ang sapat mong ebidensya para akusahan mo ang mga Barangay opisyal ng ganyan. Kung may witness ka, ipakita mo at dapat tao at kung may ebidensya ka ipakita mo rin. Ayon pa rink ay Kagawad ay mula ng ipost ito ni Gng. Indaylyn ay sumama na talaga ang kanilang loob dahilan sa kung ano-ano na ang kanilang naririnig na masasamang salita.

Sinabi naman ni Gng. Indaylyn Señorin na kay daw hindi nagsasalita ang mga tao ay kasabwat daw ang kapitan at ang mga opisya ay nagtatrabaho sa Positadi. Nagtambak daw siya ng bato sa harap ng kanilang bahay upang idevelop ito at gawing hampasan ng alon ngunit siya daw ay kinasuhan ng illegal quarry.

Ipinaliwanag naman ni Punong Barangay Joselito Perlas kung ano ang ibig sabihin ang quarry na dapat daw ay may truck backhoe at iba pang kailangan sa pagquarry at sinabi din niya na kapag government project at mapapakinabangan ng mga mamamayan ay maaaring kumuha ng buhangin sa nasasakupan ng Barangay at it ay pinapayagan ng DENR at sinabihan si Gng. Indaylyn na magtanong ka sa abugado mo para malinawan ka.

Nagbigay din ng pahayag si Kagawad Dela Torre na nung time na nagreklamo ang kapatid mo ay nandoon siya sa tanggapan ng Barangay dahilan sa ipinatawag siya ng Punong Barangay at inutusan na puntahan ang naghahakot ng buhangin at dinala niya ito sa Tanggapan ng Barangay at pinagsabihan ng Punong Barangay na hindi napo puwede ang maghakot ng buhangin dito at humingi ng pasensya ang naghahakot at ibinalik ito nang may kaakibat na video ayon sa kanila.

Natapos ang pagpapaliwanagan, sinabi ni Punong Barangay Joselito Perlas na kung ako lang ay puwede kitang patawarin kaya lamang ay idinamay mo ang lahat ng opisyal ng Barangay kung kaya sa korte na lamang tayo magpaliwanagan at mag-usap.

Natapos ang pag-uusap humigit kumulang ganap na ika-11:00 ng umaga.

Pinatunayan:

**MARLON P. LEONAR**
Kalihim

Pinagtibay:

**BENIGNO M. LAMBOLOTO**
Punong Barangay

OPPO F11
2021/05/27 06:06

Gumagalang,

GINANG INDAYLYN F. SENORIN
NAGSUMBONG

COPY FURNISHED:

1. OFFICE OF THE PRESIDENT
   Presidential Complaint Center
   Malacanan, Manila

2. HON. EDUARDO M. ANO
   Secretary
   Department of the Interior and Local Government
   DILG NAPOLCOM Center
   EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City

3. HON. ROY CIMATU
   Secretary
   Department of Environment and Natural
   Resources(DENR)
   Visayas Avenue, Diliman Quezon City

4. HON. JOSE LUIS GASCON
   Commisioner
   Commission on Human Rights
   SAAC Building, UP Complex, Commonwealth Avenue
   Diliman, Quezon City